

Babala sa mga panggagantso at pangloloko sa pandemya ng COVID-19

Ginagamit ng mga kriminal ang pandemya ng COVID-19 upang mangloko ng publiko – huwag maging biktima.

Ang COVID-19 ay sakit na dulot ng bagong coronavirus. Ito ay itinuturing nang pandemya sa daigdig. Ang mga masasamang loob sa iba't-ibang panig ng mundo ay ginagamit ang pandemyang ito upang lokohin ang publiko. Pinupuntirya ng mga masasamang loob ang mga grupong walang laban nang sila ay makinabang sa pandemya. Ang Action Fraud, isang sangay ng pamahalaan ng UK na nagbabalita ng mga panggagantso, ay nakapagtala ng 400% na pagtaas ng mga panglolokong may kinalaman sa coronavirus ngayong buwan ng Marso taong 2020.

Ang mga pulis at kawani ng gobyerno ay nagtutulung-tulong upang magpakalat ng mga kaalaman ukol sa mga ganitong panggagantso upang masiguro na ang publiko ay mag-iingat laban sa mga pangloloko.

Ang Crown Prosecution Service ay nakapagbigay ng mga kaukulang payo:

Stop: Kumuha ng ilang sandali upang huminto at mag-isip bago magbigay ng pera o pribadong impormasyon kaugnay ng iyong kaligtasan.

Challenge: Maari bang ito ay huwad o peke? Nararapat laman ang pagtanggap o hindi pagpansin sa mga kahilingan. Susubukan ng mga kriminal na kayo ay madaliin or tarantahin.

Protect: Kontakin kaagad ang inyong bangko kung sa tingin ninyo ay kayo ay nagantso, o kaya ay naloko. Ito ay ipagbigay alam din sa Action Fraud.

Kami ay naglaan ng ilang oras upang mapag-aralan ang iba't-ibang balita ukol sa mga nangyayaring pangloloko at pangagantso. Ang mga ito ay inilagay sa tala sa ibaba upang sa inyo ay magbigay babala.

*Ipinapaalala din na na ang tala sa ibaba ay hindi kumpleto at maaring ang mga masasamang loob ay makahanap pa ng ibang paraan upang makapangloko. Maging mapangmatyag.

- Pagtetest ng Virus: Ang mga virus testing kits ay kasalukuyang iniaalok lamang ng NHS sa UK.
- Bakuna o Lunas: Sa kasalukuyan ay walang bakuna o lunas para sa COVID-19.
- Produktong huwad o kontrabando: Mayroong pagtaas ng presyo o pekeng produkto o di kaya'y kontrabando na umano'y makakaprotekta sa inyong sarili laban sa coronavirus. Kasama dito ang mga antibacterial gels, masks atbp.
- Pamimili o Paghahatid ng gamot: Ang mga kriminal ay pinupuntirya ang mga taong walang laban sa pintuan ng kanilang mga tahanan at nag-aalok na sila ang mamimili o maghahatid ng kanilang mga gamot.
- Serbisyong Paglilinis: Pag-aalok ng serbisyo ng paglilinis upang maiwasan ang pagkalat ng virus.
- Phishing emails o text messages: Babala sa mga mensaheng inyong natatanggap at nagbibigay daan upang inyong buksan ang mga malisyosong attachments. Ang mga ito ay maaring gawa ng mga manggagantso upang kumuha ng inyong personal na impormasyon.

Ang halimbawa ng mga ganitong e-mail ang natukoy ng Action Fraud:

1. Mga manggagantso na nagpapanggap na sila ay mula sa grupo na ginagaya ang Centre for Disease Control and Prevention (CDC) at World Health Organization (WHO). Sila ay kunwaring nagbibigay sa biktima ng listahan ng mga merong aktibong impeksyon sa kanilang lugar.

2. Mga manggagantso na nagbibigay ng mga pahayag ukol sa virus outbreak. Ito ay mayroong kasamang link patungo sa isang pekeng kompanya kung saaan ang mga biktima ay hinihikayat na mag-subscribe para makatanggap ng araw-araw na balita o karadagang update.
3. Mga mangagantso na nagpapadala ng mga investment scheme at trading advice na humihikayat sa kanilang samantalain ang pagkakataong mayroon sa pagbagsak ng ekonomiya dulot ng coronavirus.
4. Mga mangagantso na nagpapanggap na sila ay mula sa HMRC at nag-aalok ng tax refund at idinidirekta ang mga biktima sa pekeng website upang makuha ang kanilang personal at pinansyal na impormasyon.

Kung ikaw ay may kakilala na naging biktima ng panggagantso o kaya ay pangloloko, maari lamang na ipagbigay alam ito sa Action Fraud online sa www.actionfraud.police.uk/ o di kaya ay tumawag sa 0300 123 2040.

Para sa mga karagdagang abiso at kaalaman kung papaano malalaman kung ikaw ay nabiktima ng panggagantso, bisitahin ang:

www.citizensadvice.org.uk/consumer/scams/check-if-something-might-be-a-scam/.

Ang pagsasalin ng impormasyong ito sa salitang tagalog ay kusang-loob na ginawa ng mga kahanga-hangang pangkat ng aming freelance translators

Tagalog: Sheena Navarro